Republic of the Philippines
Province of Cavite
City of Bacoor

OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD
RECEIVED
By: Ariel
Date: Nov 20, 2023
Time: 2:55 PM
BACOOR CAVITE

# 5th SANGGUNIANG PANLUNGSOD

**JOINT COMMITTEE ON AGRICULTURE & FOOD**
**And**
**COMMITTEE ON RULES & PRIVILEGES, LAWS & ORDINANCES**

**PUBLIC HEARING REPORT**
**NO. AAF007-2023**

---

***Subject:** Ordinansang nag-iinstitutionalize sa pagbubuo ng mga Community Gardens sa lahat ng Barangay at Residential Subdivision sa Lungsod ng Bacoor, Cavite, nagbibigay ng kapangyarihan sa mga NGOs, CSOs at Barangay na magpatupad ng mga patakaran para sa pangangalaga, paggamit at pag-aani sa mga nabanggit na hardin, nagpapataw ng kaparusahan laban sa sinumang lalabag sa ordinansang ito at sa mga nabanggit na patakaran, nagtatatag sa "Best Community Garden Awards of the City of Bacoor", at nagbibigay pondo para sa nabanggit na mga programa. Referred. PCO-2023-120 dated 02 October 2023.*

---

The above mentioned ordinance underwent Public Hearing on November 8, 2023 during the 67st Regular Session of the 5th Sangguniang Panlungsod presided by Coun. Simplicio Dominguez as Chairman of the Committee on Agriculture & Food supported by Coun. Reynaldo Palabrica Committee on Rules, Privileges, Laws & Ordinances as a Joint Committee. The said ordinance was referred to this Committee for approval of the above mentioned subject matter.

The City Agriculture Office is the first department of the City Government in implementing establishment and care for the Community Gardens in the City of Bacoor in accordance in those rules/regulations of the Ordinance. The provincial, city, municipal and barangay governments are given specific authority under the code of Republic Act No. 7160 Section 17, which established the system.

Sa karagdagan ng ordinansang ito, magbubuo ng programa para sa food security ng mamamayan ng Lungsod ng Bacoor sa Community Gardens, backyard gardening, vertical farming at maging sa backyard fish farming as an alternative measure from agricultural farming na i-required ang lahat na magtanim at mag alaga ng isdaan sa pangunguna ng mga kawani ng gobyerno, mga barangay official, city officials, asosasyon katulad ng HOA, NGOs, CSOs. Pagkakaroon ng seminar, pamimigay ng mga binhi na may nakalakip na instructions kung paano ang tamang pagtatanim ng gulay at prutas at kung paano ang pangangalaga sa pagpaparami ng isdaan. Layunin ng Ordinansang ito na magkaroon ng sapat na supply ng pagkain at mapakinabangan ang mga tigang na lupa sa pagtatanim at isdaan para sa mga nakatira sa baybaying dagat.

Republic of the Philippines
Province of Cavite
City of Bacoor

# 5th SANGGUNIANG PANLUNGSOD

**JOINT COMMITTEE ON AGRICULTURE & FOOD**
**And**
**COMMITTEE ON RULES & PRIVILEGES, LAWS & ORDINANCES**

**PUBLIC HEARING REPORT**
**NO. AAF007-2023**

**FINDINGS AND RECOMMENDATION:**

During the Public Hearing of the above-subject matter, Hon. Councilor Simplicio Dominguez and Hon. Reynaldo Palabrica moved for the APPROVAL of the said ordinance. The Internal Rules were suspended upon motion of Hon. Palabrica and which was unanimously seconded by the members of the Honorable Committee and declared APPROVED by the Chair through a show of hands. There are some revisions in the Ordinance and IRR. These follows:

a. Section 4 – Institutionalization of Community Gardens – To include the backyard fish farming para sa mga nakatira sa baybaying dagat as an alternative measure from agricultural farming.

b. Section 6 – Duty of City Agriculture Office, City Environment and Natural Resources Office, and Barangay Officials to Implement this Ordinance - To include: Barangay Affairs Office & Liga ng mga Barangay.

c. Section 14 – Implemeting Rules & Regulations – To Establish a Committee on Agriculture for Monitoring System

d. City Agriculture Office Fund for seedlings & fingelings and other needs amounting to 500k (Five Hundred Thousand Pesos).

**WE HEREBY CERTIFY** that the contents of the foregoing report are true and correct.

Republic of the Philippines
Province of Cavite
City of Bacoor

**5th SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

Signed this 8th day of November 2023 at the City of Bacoor, Cavite.

**SIMPLICIO G. DOMINGUEZ**
*Committee Chairman on Agriculture & Food*

**COUN. MICHAEL E. SOLIS**
*Vice Chairman*

**COUN. ADRIELITO G. GAWARAN**
*Member*

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA**
Committee Chairman on Rules & Privileges, Laws & Ordinances

**COUN. LEVY M. TELA**
Vice Chairman

**COUN. ALEJANDRO F. GUTIERREZ**
Member

**COUN. ROGELIO M. NOLASCO**
Committee on Finance, Budget & Appropriation

Republic of the Philippines
Province of Cavite
City of Bacoor

OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD
RECEIVED
Ariel
Nov 20, 2023
2:55 PM
BACOOR, CAVITE

# 5th SANGGUNIANG PANLUNGSOD

## JOINT COMMITTEE ON AGRICULTURE & FOOD
## AND
## COMMITTEE ON RULES & PROVILEGES, LAWS & ORDINANCES

## PUBLIC HEARING MINUTES
## NO. AAF007-2023

---

***Subject:*** ***PCO-2023-120 – Ordinansang nag-iinstitutionalize sa pagbubuo ng mga community Gardens sa lahat ng barangay at residential subdivisions sa Lungsod ng Bacoor, Cavite, nagbibigay kapangyarihan sa mga NGOs, CSOs at barangay na magpatupad ng mga patakaran para sa pangangalaga, paggamit at pag-aani sa mga nabanggit na hardin, nagpapataw ng kaparusahan laban sa sinumang lalabag sa ordinansang ito at sa mga nabanggit na patakaran, nagtatatag sa "Best Community Garden Awards of the City of Bacoor", at nagbibigay pondo para sa nabanggit na mga programa. Referred, PCO 2023-120 dated October 2, 2023.***

---

**RESOURCE PERSON:**

**COUN. REYNALDO PALABRICA**
Com. Chairman on Rules, Privileges, Laws & Ordinances
Member – Member/Agriculture & Food

**COUN. MICHAE SOLIS**
Com. Vice Chairman-Agriculture & Food

**COUN. ADRIELITO GAWARAN**
Member – Agriculture & Food

**COUN. LEVY TELA**
Com. Chairman on Environment & Natural Resources

**COUN. ALEJANDRO GUTIERREZ**
Member – Rules, Privileges, Laws & Ordinances

**COUN. ROGELIO NOLASCO**
Com. Chairman on Finance Budget & Appropriation

**ABC PRESIDENT RAMON BAUTISTA**
Liga Ng Barangay

**ATTY. MARIUS SUMIRA**
Office City Legal Service
Representative

**MR. ALLAN CHUA**
OIC-Agriculture Office

1. The Public hearing started at 1:15 pm
2. Councilor Simplicio Dominguez presided over the hearing and acknowledged the presence of the committee members and resource persons.
3. Reading of the subject matter of PCO-2023-120 was read by Hon. Reynaldo Palabrica as the joint committee.

**Coun. Reynaldo Palabrica**: "Mr. Chairman may I have the floor please."

**Coun. Simplicio Dominguez (Committee Chairman)**: "Go Ahead Coun. Palabrica."

**Coun. Reynaldo Palabrica**: "Magandang Hapon po sa ating lahat, ang atin pong public hearing ay tungkol po sa panukalang Ordinansa na pinamagatang. ....."

"Ordinansang nag-iinstitutionalize sa pagbubuo ng mga Community Gardens sa lahat ng barangay at residential subdivisions sa Lungsod ng Bacoor, Cavite, nagbibigay kapangyarihan sa mga NGOs, CSOs at barangay na magpatupad ng mga patakaran para sa pangangalaga, paggamit at pag aani sa mga nabanggit na hardin, nagpapataw ng kaparusahan laban sa sinumang lalabag sa ordinansang ito at sa mga nabanggit na patakaran, nagtatatag sa Best Community Garden Awards of the City of Bacoor, at nagbibigay pondo para sa nabanggit na mga programa."

"Ang layunin po ng ordinansang ito ay upang maibsan yung kalagayan ng ating bansa as a whole at syempre particular dito sa Lungsod ng Bacoor ay para magkaroon ng karagdagang supply ng pagkain katulad ng mga gulay. Kung maisasakatuparan ng maayos ang ordinansang ito, kahit sa pakonti - konti sa bawat hardin sa laki ng lupain ng Bacoor na pwedeng pagtaniman pa at kung maipapatupad ng 100% ito ay sa tantya po ng City Government ay makakapagproduce tayo ng toneladang pagkain, ibig sabhin magkaroon man ng kahirapan sa mga supply ng pagkain sa darating na panahon sa hindi natin inaasahan, makakasiguro tayo na dito sa ating lungsod kahit papano ay meron tayong mapagkukuhanan. Ang purpose, layunin nito ay magkaroon ng food security mismo dito sa ating lungsod. Ang inaatasan naman sa ordinansang ito ay ang ang lahat ng barangay, NGOs, empleyado ng city government, at maging mga barangay, gayun din naman isinama sa ordinansang ito ang tinatawag na idle lands, o yung mga nakatiwangwang na lupa, sa pamamagitan ng pagbibigay ng authorization ng may ari ng lupa, ang tunay na may ari ng lupa, pwedeng taniman ng city government ang mga lupang yun para makapagproduce pa rin ng pagkain. Tungkol naman sa ordinansang ito, doon sa mga idle lands na maaaring kumpanya ang may ari o maaaring indibidwal na may malalaking lupain doon sa kanila na may alalahanin na baka naman na mapasukan ng mga informal settlers sinisiguro ng ordinansang ito na ang paniniguro upang hindi magkaroon ng squatters kung tawagin ay ang pamahalaang lungsod mismo na hindi madedefeat ang purpose sa pagtatanim lamang at magkaroon ng informal settlers kaya ang may direct responsibility ang city government itself para masiguro na hindi mangyari ang mga ganong sitwasyon, so yan po ang brief summary kung ano ang ordinansang ito na ating pag uusapan ngayong hapon. Lahat po ng homeowners association, civil organization, empleyado ng pamahalaan ay magkakaroon ng tinatawag na backyard gardening, kung wala man lang lupa sa kanilang tahanan, sa paso ay oobligahin ang kawani ng pamahalaang lungsod na magtanim ng kahit man lang kamatis, or okra, kahit na ano mang gulay or pagkain na makakatulong para sa kasiguruhan ng pagkain dito sa ating lungsod.So, yun po ang kabuuan ng pag uusapan Mr. Chairman, kung maaari po ay hingiin natin ang opinion ng ating mga resource person."

**Coun. Simplicio Dominguez**: "Ok. Bago magsalita, kailangan muna na magpakilala muna para nakarecord."

**Coun. Reynaldo Palabrica**: "Kung sino po may gusto itanong para sa paglilinaw ang ating committee sa pangunguna ni kagalang-galang konsihal Simplicio Dominguez ay nakahanda pong tumugon sa inyong mga katanungan o inyong mga concern. Paki banggit po ng pangalan at representasyon."

**Diosdado Palo Queensrow Central**: "Meron po akong itatanong, Maganda po tong programang ito po. Sa lugar po namin madami po talagang idle land baka po maging problema po namin ang mga lote po. So, kung bibigyan po ng authorization ang HOA sa lugar na yun na aming nasasakupan."

**Coun. Reynaldo Palabrica:** "Mr. Chairman ako na lang po ang sasagot. Ayon po dito sa ating ordinansa"

Section 9. Ang nakalagay po dito, Used of Idle Lands for the Establishments of Community Gardens. Matapos makamit ang nasusulat na kapahintulutan ng rehistradong may ari ng isang idle land sa pamamagitan ng isang kontrata o kasunduan, maaaring gamitin ng City Agriculture Office ang nabanggit na parsela ng lupa sa pagtatatag ng isa o higit pang Community Garden. Ang pagtatatag , pangangalaga at paggamit sa nabanggit na garden/s ay gagawin alinsunod sa probisyon ng nabanggit na kontrata or kasunduan."

"Ganito po, kung ang concern po ninyo, ang una ay ipaunawa muna natin kung sinuman ang rehistradong may ari, makikipag usap po ang City Agriculture Office as the lead office of the city government para hingiin ang written consent or yung tinatatawag na kasulatan na pinahihintulutan ng City Government through the City Agriculture Office para magamit natin as Community Garden. Hindi sila pwede tumanggi kasi nasa ordinansa ito kasi utos na ito. Ngayon, ang isang concern sa tanong po ninyo ay mayroong lupa na minsan 3, minsan 5 pa nga, sampu pa may ari ng lupa, kapag ganon po ang sitwasyon ay syemre aaralan muna natin, kapag halimbawa kung sa isa lang tayo kung sino rehistrado na may ari dito, doon magpapaalam ang City Government, may record naman po tayo dito kung kanino registered ang lupa, may cadastral survey tayo dito at cadastro pagbabasehan natin yun pero bagamat bilang respeto dahil may labanan sila sa korte ng ownership dispute na tinatawag, ang maaari po gawin ng city government bilang respeto sa lahat ay hihingian ng consent sa lahat, kasi ang atin lang namin concern doon ay ang mataniman ang mga nakatiwangwang na lupa, hindi usapin kung sino ang may ari , bilang respeto sa lahat, meron silang on going for dispute,let the court decide kung sino, ang importante while the lots idle ay gamitin ang city government for the purpose of food security of our city. So ganon natin po yung iaadress ang ganyang sitwasyon."

**Coun. Simplicio Dominguez**: "Sino pa po yung gustong magtanong? Kayo po sa Senior Mam Nenita Reyes."

**Mam Nenita Reyes**: "Good afternoon po. Ako po ay sa Federasyon ng mga Senior Citizen, nabanggit po ng ating kagalang kagalang Konsihal Palabrica na ang bawat tahanan ay pwede din silang magtanim sa kanila? Bawat bahay kahit wala man silang lupa na matataniman, pwede naman po silang gumamit ng iba't- ibang uri ng paso halimbawa katulad ng mga plastic at saka mayroon po tayong tinatawag na planetarium, yung mga nakabitin, mga hanging plants. Dapat po may isang namumuno, meron po isang nagbabantay, kasi po kung ganon lang, sa isang barangay meron isang lider sa isang purok para po nakikita at nasusubaybayan ang mga ginagawa ng bawat kapitbahayan. Meron po kaming makukuhanan ng mga itatanim kahit lang po yung mga kamatis, mga sili, pwede naman po yun sa lata, kasi kapag sa mga urban place, kasi po puro mga bahay paupahan na, wala na po tayong makuhanan ng idle land, hindi po ba ang kapitan ang namamahala para sila naman ang magbigay ng mga batas na sasabihin sa kanilang constituents, yun po ba ay required na bawat isang bahay ay merong itinatanim at tataniman kasi po may nakalagay na kapag hindi sumunod baka maparusahan kaya po tinatanong ko kung lahat po ng kapitbahayan ay kailangan na meron silang sariling garden. Ano po?"

**Coun. Simplicio Dominguez:** "Dumating po ang isang kasama natin konsihal po."

**Coun. Adrielito Gawaran:** "Magandang hapon po sa ating lahat."

**Coun. Reynaldo Palabrica:** "Mr. Chairman ako na lang po ang sasagot sa tanong. Unang-una po ay nagpapasalamat po kami sa inyong manifestation. It shows the eagerness to help the city regarding food

security. Maraming maraming salamat po. Actually your question is a form of suggestion para magbuo tayo ng policy to ensure the success of this ordinance. Thank you very much po mam sa inyong panukala, pero ganito po ang gagawin natin to adopt your suggestion, a very good suggestion and im very thankful for that ay ganito po ang gagawin natin. Ang sabi po dito sa batas, section 7, sa loob ng anim na buwan ang lahat ng residential subdivision at barangay sa Lungsod ng Bacoor ay kailangan na magkaroon ng isa or higit pa na community garden na gagawin, pangangalagaan at gagamitin alinsunod sa probisyon ng ordinansa na ito, ang hindi pagsunod ng opisyal ng barangay at ng mga HOA ng mga nabanggit na residential subdivisions sa kautusan na ito ay maaaring ituring na paglabag sa ordinansang ito at maaaring maging sanhi sa pagpataw ng nararapat na kaparusahan laban sa kanila. Binanggit po dito yung scope kung sino ang covered, malinaw po dito na yung mga barangay officials, homeowners association officials, civil society organizations officers ay covered nitong ordinansang ito, at sinadya po ito ng may akda ng ordinansang ito na ganito, to motivate and to encourage na kung sino man halimbawa homeowners official ka, katulad ko po, ako ang pangulo ng aming subdivision ng aming HOA, ako ang mangungunang magtanim pati mga officers ko and eventually madadamay kayong mga members pero may tanong bigyan ko kayo ng isang sample, papano yung nakatira sa condominium, may condominium na tayo dito sa may Zapote 3 at dito din sa may Molino 2 sa may Addas,yung condominium ng Addas dyan, kung walang lupang mapagtataniman papano ang community garden?Ayan po ang tanong ano ho? Ganito po ang gagawin, kung ako pangulo ng condominium na yun ng homeowners association, ang gagawin ko po instead of community garden kung saan ay parang common garden of all the members of my association, ang gagawin ko ay obligahin ko muna yung mga opisyales ko na magtanim sa kanyang bahay sa paso o sa mga lumang plastic container kasi puwede naman sabi nyo nga kanina yung hanging, puwede naman, actually andyan naman an ating city agriculturist kapag nagtanim ka ng kamatis, kahit ibitin mo yan, tutubo at mamumunga yan, so ang ibig sabihin kung walang common area for community garden puwede naman by household, maglagay na rin kahit man lang isang puno ng kamatis, kahit isang puno ng okra, ang ibig ko sabihin mamotivate natin ang lahat na magtanim and eventually kasi kapag ginawa yan ng officers ay magkakaroon ng kamulatan ang mga myembro na gayahin na rin, yun po ang drive natin sa ordinansang ito. So, again sana po nasatisfy po, nasagot namin ang inyong tanong and we are very really thankful sa inyo pong suggestion at nakita po namin ang eagerness nyo to make this ordinances successful. Mr. Chairman, baka may magtatanong pa."

**Coun. Simplicio Dominguez**: "Meron pa po bang magtatanong?"

**Mr. Allan Chua (OIC, City Agriculture Office)**: "Magandang hapon po sa ating lahat, Mr. Chairman, permission to speak po, Ako po si Alan Chua, OIC ng City Agriculture Office ng Lungsod ng Bacoor. Follow up ko lang po sa sinabi ni Konsihal Reynaldo Palabrica na kahit na po ang bawat isa sa kumunidad po ay magtanim ng isang klaseng gulay lalo na po yung tinatawag natin na gulay na pakbet at least bawat isa po pupwede naman na makipagpalit, halimbawa ako po nagtanim ng okra, si kapitbahay nagtanim ng sitaw, ang isa naman po ay talong, sabi nga kung masagana ang tubo makakabuo na po tayo ng ulam na pakbet. And then, siguro po baka tanungin nyo na din po kami mamaya, saan po kami kukuha ng mga buto, ng mga pataba, ng mga gamit, nasa ordinansa na din po yun na once na engaged po tayo sa community garden ang city government through city agriculture office po ang magproprovide ng assistance, technical assistance, ice materials, provided para po sa community garden po natin."

**Coun. Reynaldo Palabrica**: "Including seedlings for free."

**Mr. Allan Chua**: "Yes po."

**Councilor Reynaldo Palabrica**: "Para malinaw."

**Mr. Allan Chua**: "Yes po, libre po lahat yun. Kung sa mga HOA, o sa mga barangays, schools or mga associations, pupwede naman po kayo tumawag sa aming opisina City Agriculture Office po, puwede po kaming magbigay magconduct ng mga seminars po lalong lalo na sa inyong kadahilanan ay wala po kayong mapagtataniman, marami naman pong pamamaraan para po makapagtanim tayo, hindi lang po hanging,

meron din po na mga vertical garden po tayo na gagawin din, puwera pa din sa kuminal natin yung naka plot po ang ating lupa, sa mga idle land po natin gagawin yun. Sa mga bahayan po, puwede po tayo magvertical planting, less space po yun, ito lang po Mr. Chairman."

**Coun. Simplicio Dominguez (Committee Chairman):** "Meron pa po bang magtatanong?"

**Coun. Reynaldo Palabrica:** "I would like to express that kung wala kayong inquiries, tanong or questions, we are also entertain suggestions and opinions kasi itong ordinansa nasa stage ng hearing, so the very purpose of hearing kasi baka meron or kulang ang ordinansa or may mali, puwede nating pag usapan para ma-icorrect namin ang final draft nito bago maipasa so that this ordinance will be perfectly enacted kaya po may procedure po tayo ng public hearing to address the concern of our constituency, we are not only conducting this hearing, just to inform everybody that we will be passing this ordinance but most importantly is to console the general public about their opinion maybe they have suggestion, that's why im expressing Mr. Chairman that anybody could speak to give their suggestion or opinion. Thank you po."

**Coun. Simplicio Dominguez:** "Meron pa po bang magtatanong or magdadagdag ng opinion?"

**Diosdado Palo Queensrow Central:** "Meron po sana akong suggestion, at least magagawa din po ito sa barangay, ang ating problem yun bang mga talahib, sila na siguro ang maglilinis kasi may mga cutter yan, madali sigurong maisama yan po ang maisusuggest ko sa aming barangay."

**Coun. Simplicio Dominguez:** "Ok po. Una, talaga namang pinag uusapan natin kung paano magandang magagawa kaya tayo'y tulung-tulong."

**Coun. Reynaldo Palabrica:** "Mr. Chairman. May I have the floor please, kasi merong email concern through email pinadala dito sa committee basahin ko na sa lahat kasi baka may similar inquiry kayo dito sa babasahin ko at least isang sagutan na lang ano po, with your kind indulgence Mr. Chairman ang sabi po dito."

"Magandang araw sa Lungsod ng Bacoor, ikinagagalak ng aming kumpanya mabalitaan na may ganitong proyekto ang pamahalaang Lungsod ng Bacoor, nararapat at napapanahon ang ganitong proyekto para sa benipispyo ng bacooreños, ang Addas Group of Company ay sumusuporta sa magandang adhikain ng ating bayan at hindi kailanman magiging sagabal sa mga proyektong ipatutupad ng ating pamahalaan, bagamat kami ay sumusuporta meron ding mga pag-aalala sa amin bilang isang korporasyon. 1). Mangilan-ngilan po sa mga lupang pagmamay ari ng aming kumpanya ay nakaplasipika bilang komersyal kung gagamitin po ang lupa pansamantala, 2) maari po bang iklasipika ang lupa bilang agrikultura? hindi po naging malinaw sa ordinansa kung paano ang magiging proseso sa panahon na kakailanganin na maibalik sa kumpanya ang lupa. 3) Ano po ang magiging responsibilidad ng pamahalaan kung sa hindi inaasahan na hindi mapigilan ng pamahalaan na magkakaroon ng informal settlers? Amin pong ipinadala sina Engr. Julius Adto and Engr. Rommel Hirang upang dumalo sa pagpupulong na gagawin sa 8 ng Nobyembre, 2023. Maraming salamat po, Mabuhay ang Bacoor. Gumagalang Addas Group of Company & Management."

**Coun. Reynaldo Palabrica:** "Andito po ba yung 2 Engineer na nabanggit.? Magandang hapon po dito sa inyo. Well acknowledged po ang inyong concern. So, sasagutin po natin Mr. Chairman kung ano ang concern mapag-usapan po natin. 1) Una ay yung classification of Land. Ang sabi po dito sa inyong email, mangilan-ngilan ang pag-aari ng inyong kumpanya ay classified as commercial, hindi agricultural. So, kung ipapagamit ninyo bilang pagtupad dito at pagsuporta dito sa ordinansa, ang tanong ngayon ay maaari po bang isaklasipika ang lupa bilang agrikultura? Depende po sa inyo yun, depende po sa may ari ng lupa kung ipapareclassify ninyo ang inyong lupa, commercial ngayon tapos i-apply ninyo for reclassification into agricultural, susulat mag aaply po kayo sa Office of the Mayor at sa Sangguniang Panlungsod. Ngayon kapag naihain dito ang reclassification, pag aaralan ng Sangguniang Panlungsod ayos sa Comprehensive Land Use Plan, naaayon sa comprehensive land use plan of bacoor, na ang commercial classified as commercial land ay puwedeng i-convert into an Agricultural Land, hindi magiging problema, maaaprubahan, ang basehan ay ang

comprehensive land use plan pero linawin lang po namin na kahit commercial land po yan ang classification po yan sa ngayon at idle land pa din po yan. Inaatasan ng ordinansa bilang may ari ng lupa ay kung maaari ipagamit ninyo ang lupa para mataniman ng gulay, ang makikipag ugnayan ay ang City Agriculture Office na si Mr. Alan Chua, magkakaroon ng written consent para gamitin ng city government through the city agriculture office. So, doon sa written consent maaaring magkaroon kayo ng Memorandum og Agreement hanggang kailan, in your mind meron na kayong naka-set na date kung klan nyo idedevelop yan, so magkakaroon kayo ng Memorandum of Agreement until what period magagamit at kung ano pang mga kundisyon mapagkakasunduan ng Addas in particular at ng city government. So, open for discussion and through memorandum of agreement. Ang 2) second concern po ninyo is hindi po malinaw sa ordinansa kung paano ang magiging proseso sa panahon na kakailanganin ng maibalik sa kumpanya ang lupa, doon sa memorandum of agreement, ilagay na natin don, para may kasiguraduhan ang may ari ng lupa yung time kasi kukuha kayo ng development permit dito sa city government, upon application of development permit, puwede natin ilagay sa memorandum of agreement with City Agrculture Office and Addas na automatic terminated yung memorandum of agreement. Puwede naman ninyong pagkasunduan. Ok. Malinaw po. 3) Pangatlo po ninyong concern ay ano pong ang magiging responsibilidad ng pamahalaan kung sa hindi inaasahan ay hindi mapigilan ang mga informal settlers? Ito ang medyo mabigat na responsibility na hindi pabayaan ng city government, hindi puwede na magkaroon ng informal settlers, ang lupain ng isang indibidwal or korporasyon na sumusunod sa batas na para mataniman or magkaroon ng informal settlers, definitely hindi mangyayari yun, in case hindi inaasahan, kunwari nagkaroon ng failure, hindi inaasahan ang city government ang may principal responsibility para magpaalis doon sa mga informal settlers at no cause ng land owner. Malinaw po?
Baka may gusto pa pong linawin habang andito po kayo."

**Addas Group of Company & Management Engr. Julius Adto (Representative)**: "Kung sakali po naman na hindi pumayag ang company na ipagamit yung land ano po ang possible na maging penalty?"

**Coun. Reynaldo Palabrica**: "Dadako na po tayo sa penalty section, kasi itong ordinansa na ito, kapag sinabing ordinansa sa mga nabanggit na napapaloob sa ordinansa na ito, ang ibig sabihin nito ay mandatory na, so kung hindi papayag, maaaring maikonsidera at korte naman ang magdedesisyon nito hindi kami pero pwede kaming magkaroon ng sariling interpretation but subject for question in court para malinaw lang ang penalties ay nasa section 13 sundan po natin."

Section 13. Penalties. Ang mga sumusunod na kaparusahan ay ipapataw sa sinuman na may edad 18 years old pataas na lalabag sa mga probisyon ng Ordinance na ito, ng mga probisyon ng IRR ng Ordinance na ito, at sa mga patakaran na babalangkasin ng mga Barangay, NGO at CSO na gagawa at mangangalaga ng mga Community Garden na nabanggit:

Unang Paglabag: Pagbabayad ng multa na ₱3,000.00 at paggawad ng Community Service na hindi hihigit sa tatlumpung (30) magkakasunod na araw at hindi bababa sa sampung magkakasunod na araw.

**Councilor Reynaldo Palabrica**: "So 10-30 days."

**Coun. Reynaldo Palabrica**: "Ikalawang Paglabag. Halimbawa, nasita na, binigyan na ng pagkakataon na within this period of time kailangan i -comply ang ordinance, pagbalik don hindi pa din tumalima, papasok na sa ikalawang paglabag."

Ikalawang Paglabag: Pagbabayad ng multa na ₱4,000 at paggawad ng Community Service na hindi hihigit sa siyamnapung (90) magkakasunod na araw at hindi bababa sa tatlumpung (30) magkakasunod na araw.

**Coun. Reynaldo Palabrica**: "Meaning 30-90 days."

**Coun. Reynaldo Palabrica**: "Ikatlong Paglabag, kasabihan na. Pangatlong Paglabag."

Ikatlong Paglabag: Pagbabayad ng multa na ₱5,000 at paggawad ng Community Service na Hindi hihigit sa isang daan at walumpung(180)magkakasunod na araw at hindi bababa sa siyamnapung (90) magkakasunod na araw.

**Coun. Reynaldo Palabrica**: "Ganito po, sasabihin ng may ari ng lupa, bayad na lang tayo, wala pang abala sa atin,wala pang risk, may diskarteng ganon, may I gently remind all the concern na puwede naman gawin ng city government na sinabi dito Community Service magtanim ka ng gulay sa lupa mo unang paglabag not more than 30 days magtanim ka ng gulay dyan. Hindi ka pa din tumalima, puro pagtatanim pa din ng gulay ang ipapataw natin na Community Service, magtatanim din, nagbayad ka pa. Ipapaloob po yan sa IRR, hindi pa po definite na yun ang community service but I for myself as city councilor I definitely or strongly suggest that kind of community service sa pagtatanim ay isama sa IRR para hindi defeated ang purpose ng ordinansa, para tumayo ang ordinansa, maipatupad natin at maging matagumpay. Tama naman yun attorney? any comment regarding that."

**Atty. Marius Sumira**: "Yes po, your honor Mr. Chairman, magandang hapon po. Tama naman po Konsi, may isusuggest lang po ako tungkol sa penalties kasi parang limited sya sa person baka po idagdag po natin kung sakaling korporasyon, kumpanya ang lumabag, meron po syang separate penalties, kung kanino mag aapply yung penalty.

**Coun. Reynaldo Palabrica**: "Nakalagay naman don kung idle lands, meaning kapag lupa mayroong nagmamay-ari ng lupa, it's either individual or corporation, tama? Kung sino ang registered owner sya ang mapepenalize, sya yung may paglabag, yung may ari ng idle land."

**Coun. Simplicio Dominguez**: "Baka meron pa po dyan sa bandang likod o sa unahan dito na gusto pang magtanong, mga kapitan po, NGOs, kung sino po yung gustong magtanong."

**BHOACI** – Hello, magandang hapon po, ang problema po naming sa Krause Park Subdivision nagpaalam po ako sa developer para iinform na tataniman naming ang bakanteng lote, hindi po ako pinayagan, napakaliit po ng aking lugar para po sa pagtatanim."

**Coun. Reynaldo Palabrica**: "Ang sagot po dyan ay ang ordinansang ito, hindi na sila puwede tumanggi, kung sino ang may ari ng bakanteng lote, Sila ba ang may ari ng bakanteng lote, ang developer? Hindi ito open space ha?, pag open space kasi pag aari na ng subdivision, kung turn over na or sabihin na natin kung sino ang registered owner, kung yun ay hindi open space, pag aari pa din ng developer, si developer pa din ang may pananagutan sa ordinansa na ito. Si City Agriculture Office, call ang attention ng developer, sabihin na kailangan nating ipatupad ang ordinansa na ito, sasabihin ni developer hindi kami makakapagtanim, wala kaming time para dyan, I-call natin ang attention ng homeowners association sa loob ng subdivision, para nakacomply na si homeowners association, naka comply pa si developer, natupad pa natin yung adhikain na magkaroon ng kahit papano makatulong sa food security ng sarili mong lugar. OK po?"

**Coun. Simplicio Dominguez**: "Sino pa po, para malinaw po sa ating lahat o suggestion po, kayo mga konsihal natin baka meron kayo gusto sabihin. Konsihal Tela."

**Coun. Levy Tela**: "Bilang Chairman po ng Environment, napakaganda po ng panukalang nito sa atin, una po sa food security, kaya po ginawa ang ordinansang ito na iminumungkahi ng ating butihing Vice Mayor, syempre ho para sa ating mga tiga Bacoor, Kung meron po kayong nakikita na mas maganda pa para mapatupad kaya yan po ang aking tinatanong, baka kaya po kayo nalilito, baka may idadagdag po kayo sa ordinansang ito na mas mapapabuti at mapapaganda sa ating Lungsod, imungkahi nyo na po dito para kung ganun pa man ay maipatupad po natin ng maayos, sama-sama, tulung-tulong po tayo sa ganitong mga pagtatanim ng mga gulay, kahit na po puno, prutas, pwede na din po yan, basta yung pong makakain na po

natin. Yun lang po at maging maglinis po tayo kapag naggagardening po tayo, katulong po natin ang CENRO or Agriculture para malinis at mataniman na po natin ang mga idle land at mga open spaces, siguro naman andito yung mga barangay captains, elected or not elected pa rin ay makakatulong pa rin sa ating community. Yun lang po."

**Coun. Simplicio Dominguez**: "Si konsihal Bok Nolasco."

**Coun. Rogelio Bok Nolasco**: "Isang magandang hapon muli sa ating lahat. Ang masasabi ko lang po merong mga pagkakataon sa mga barangay, subdivisions, hindi natin alam kung sino yung land owner, ang aking opinion dyan, kasi mahirap na hanapin pa kung sino yung land owner, or punta pa tayo ng treasury office, mahirap din naman mag trace sa assessor di ba po? Siguro ang aking opinion dyan, pasukin natin, taniman natin, pagdating ng panahon, lalabas ang may ari nyan. Kapag dinidevelop natin, natataniman natin ng gulay or kung ano ang maitatanim natin, darating ang oras, lalabas po ang may ari, pupunta po sa barangay yan, magcocomplain, ngayon at that time maipapakita natin ang ordinansa bago tayo makipag usap sa may ari, merong ganoon kapitan hindi ba? hindi naman doon tayo nakatira, alam natin lahat ang lot owner ng subdivision o ng mga bakanteng lote, siguro yun ang opinion na maibibigay ko para sa atin.Thank you Mr.Chairman."

**Coun. Simplicio Dominguez**: "Si Konsihal Obet meron yata sasabihin."

**Coun. Roberto Advincula**: "Magandang hapon po muli sa ating lahat, napakaganda po ang nilalaman ng ordinansang ito, at ito po ay makakatulong sa mga bawat barangay po natin, kanya-kanyang lugar ng mga bara-barangay, ang mai-sheshare ko lang po sa inyo nung time po na dati po akong barangay chairman nasimulan na po namin yan sa mga subdivision, kasi po yung mga lugar natin dito maluwag pa po, mga hindi nakatapos na dinidevelop sa mga areas natin, malaking bagay po ang maitutulong, katuwang po ang atin pong mga barangay, nung dati po akong barangay captain, ay pinondohan po ng barangay para maitulong po na panimula sa bawat mga myembro na magtatanim at yan din po ay makakatulong din sa atin, ang ginagawa po naming noon, from the start po, pinondohan andyan ang mga buto, mga pataba, paramihin at palakihin po nila para naman sa ganon makatulong at natutuwa din po ako dahil nagkaroon po tayo ng ordinansang ganito malaking tulong lalo na ngayon sa panahong ito, kinakapos po ang ating mga gulay, napakalaking bagay po sa isang kumunidad, isang bahay na magkaroon tayo ng dalawang klaseng uri na pananim na makakatulong sa ating pang araw araw na pangangailangan, ang inyong lingkod po, sa harapan at sa aking likod ng bahay nagtatanim na po ako ng mga halaman, malaking tulong po sa atin kasi alam nyo naman ang mga presyo ng halaga ng mga gulay ngayon, kaya yun lang po ang maishe-share ko po. Maraming maraming salamat po at magandang hapon po muli sa ating lahat."

**Coun. Simplicio Dominguez**: "Tayo naman po ay magtatanong sa mga walang mataniman,may magagawa naman tayo, ilagay natin sa paso, ilalagay naman natin sa maluwag ang taniman. Si Kapitan Saquitan baka meron kang sasabihin."

**Barangay Captain Saquitan** "Magandang Hapon po sa ating lahat, City Councilor, at sa ating Committee ng Kagawaran ng Paghahalaman. Dati naman tayong magsasaka kaya hinahanap ng ating mga katawan ang pagsasaka at pagtatanim ng mga gulay. Ayon po sa sinabi ni Tatay Bok na doon po sa aming barangay wala pa man ang ordinansang ito ay kinakausap ko ang presidente ng homeowners ng subdivisions ng mga open space at saka yung mga kanilang bakanteng lote na nagkakaroon kami ng pirmahan na hindi namin alam kung sino may ari kaya kapag dumating yung may ari, at least naka blotter sa barangay na ginagamit naming yung bakanteng lupa at natutuwa naman po dahil nakikitang malinis, sa katotohanan po ang mga bakanteng lupa na nakatiwangwang, tataas ng tataas ang lupa mo dahil doon tinatambak ng tinatambak yung mga naaalis na lupa don sa katabi mong lote kaya napakaganda itong ordinansang ito na may panel na maipapatupad po natin. Nagbablotter lang kami para mapagtaniman ang mga bakanteng lupa. Yun lamang po at may project din po kami dito sa may depress area sa pagtatanim natin ng mga halaman kung saan sa mga plastic containers kung noong pandemic, tinatanim natin kung anong halaman lang, ngayon hinihikayat

namin ang aming kabarangay na magtanim ng mga gulay para mapakinabangan ng bawat isa, yun lang po yung sa aking barangay. Salamat po."

**Coun. Simplicio Dominguez**: "Salamat po kapitan. Si Mr. Allan Chua muna."

**Mr. Allan Chua**: "Maglilinaw po sa Section 6, yung sa duty po ng City Agriculture Office, City Environment & Natural Resources Office and Barangay Officials to Implement this Ordinance. Mr. Chairman,baka pwede po na isama dito yung Barangay Affairs Office."

**Coun. Reynaldo Palabrica**: "Isama mo na din ang Liga ng mga Barangay din."

**Mr. Allan Chua**: "Yes po, kasama na din po ang Liga ng mga Barangay, then baka pupwede po na through barangay level na magkaroon sana ng Committee sa Agrikultura para po ma-momonitor po namin, sya na lang po ang aming ita-tap para madali po ang proseso kasi po pag iikot, imomonitor din po namin ito pong Community Garden para madali po naming ma-tap ang 43 barangays kasama na po yung HOA, kung pupwede lang naman po."

**Coun. Reynaldo Palabrica**: Definitely, puwede kasi to make this ordinance successful dapat may close monitoring, hindi natin gagawin ito for the purpose of compliance, gagawin natin ito to serve the purpose of the ordinance, the objective of the ordinance na magkaroon kahit papano makatulong tayo para sa food security. Ngayon, para maging successful kailangan may monitoring system. So, sa monitoring system, hindi kaya ng opisina nyo lang, 47 barangays, how many homeowners associations,how many CSOs we have, napakarami, so hindi nyo kaya, definitely hindi. So you request to include in the IRR, yung mga offices na sinasabi ninyo katulad ng barangay affairs office, we would like to acknowledge the presence of our barangay affairs office na si Mr. Elmer Jimenez, andito din sya ngayon nakikinig, kanina suggestion ko si Liga ng barangay isama rin."

**ABC President Kap Ramon Bautista**: "Tama nga naman ng sinabi mo na lahat ng mga isasama, isama na din yung mga 4PC's, yung mga senior, mga pwd, mga tao sa barangay, mga may samahan, na talagang asikasuhin ng ating mga kapitan para yung mga yun sila ang magsisimula ng programa, magiging katulong ng ating mga kapitan para syempre, doon magsisimula at kapag nasimulan na nila, gagaya na ang mga tao natin sa barangay."

**Coun. Reynaldo Palabrica**: "Mr. Chairman to continue sa sinabi ni Mr. Allan Chua monitoring system kailangan na ma-establish natin that's why im requesting two (2) offices to be included for monitoring. I suggest Mr.Chairman as the lead office to implement this ordinance, can you draft an IRR or a monitoring system, baka kasi puwede pa natin maihabol bago maipasa next session itong ordinansa, instead doon magrereflect sa IRR, kung papano ang monitoring system, isama na natin sa ordinansa para mas well explained yung ordinansa, kaya ba? City Agriculure kaya nyo ba?"

**Mr. Allan Chua**: "Magdadraft po, cge po sa IRR."

**Coun. Reynaldo Palabrica**: "Pero i-include na natin dito na may responsibility to monitor, unang-una kay City Agriculture Office, Pangalawa barangay captains, punong barangays to be supervise and monitored by the barangay affairs office and the liga ng barangay president.Ok na yun? Don na kayo mag jump off kung papano nyo palalawakin, pati homeowners association magkaroon na din ng monitoring system. Ang suggestion ko sa iyo, magkaroon ka ng parang draft ng monitoring system, na puwedeng adaptable ang sa baba parang si kapitan yung monitoring system na ginagawa mo, yun din ang monitoring system ni kapitan na ma-momonitor nya through your monitoring system, ma-momonitor nya si 4PC's ba nagpeperform, si HOA ba nagpeperform? yung mga may ari ng idle land dyan nagpeperform ba within your jurisdiction, so ibig kong sabihin parang generic ang monitoring system, applicable sa lahat ng level, nakuha mo ang point? Can you do that?

**Mr. Allan Chua:** "Yes po."

**Coun. Reynaldo Palabrica:** "If you can submit the proposal so that on Monday during our deliberation, ma-include namin ang monitoring system how will establish the monitoring system. Thank you. Mr. Chairman. "Pwede ba akong magtanong Mr. Chairman kasi ayaw nilang magtanong. Tayo ang magtanong sa kanila. May tanong lang kasi ako, hindi naman kapag sinabing agriculture, hindi lupa lang, paano yung sa dagat agriculture din yan, although ang binanggit ay sa idle land, kaya gusto ko lang din don sa mga baybaying dagat baka kasi meron silang opinion na puwede nating isama dito kasi ang objective ng ordinance ay food security, sea foods are part of food security hindi yung gulay lang, hindi yung poultry lang, hindi yung meat lang kundi pati sea foods, baka meron kayong opinion na puwede natin maisama dito sa ordinance ma-incorporate natin kasi the very objective of this ordinance is food security of our city. Tatanungin ko ang kapitan ng Sineguelasan at bagong kapitan ng barangay Sinbanali,baka may opinion kayo tungkol dyan."

**Barangay Captain Caridad Sanchez ng Sinbanli:** "Nuong binabasa ko po itong ordinansang ito, Natutuwa po ako kasi ang nag sponsor po nito ay si Konsihal Simplicio,kasi hindi pa po ako kapitan si Kap Simplicio pa noon tamang tama po sa kanya kasi talagang ang laki ng garden nya doon sa barangay Molino 1 katunayan po kapag ako nagpupunta dyan, halos sako na ang iniuuwi ko na talong, ampalaya, sitaw kaya po natutuwa po ako at sya ang nag sponsor nito. Doon naman po sa amin, napakalawak po ng tanim ko ng kamote halos lahat po sa amin na kumukuha."

**Coun. Reynaldo Palabrica:** "Napakaganda ng na share ni Ate Caring, life testimony about food, una pinatutunayan nya si Mr. Chairman , Honorable Simplicio Dominguez alam nyo kapag pumunta kayo sa barangay ng Molino 1 walang sayang na lupa don, basta't may nakitang lupa ito, may tanim ito, totoo po yun, kahit konsihal na sya."

**Coun. Simplicio Dominguez.** "Totoo po yung sinasabi ni Konsihal Palabrica, Kapag pumunta kayo sa amin sa barangay, yung aking tanim kung sino yung makakita, sya yung may ari.at hindi ko naman pinagbibili yun, basta nagpunta ka, kung ano makita mo sa iyo na yun. Hanggang dito sa city hall my supply ako ng talong, mga pipino, kung anu-ano na ang dinadala ko dito. At yun po ay hindi ko pinapabayaran, gusto kung makita na aking kabarangay sa aming lugar na ako'y naghihirap din para sa ating tiga bacoor. Yun din ang aking binibigay na tulong don lalo na nung pandemic, lahat po ng aking gulay ay isinasama ko, pinabibigay natin. Wala pong bayad yun."

**Coun. Reynaldo Palabrica:** "Yan po yung totoong testimony, living proof na hangga't may lupa, at tinaniman natin may pagkain talaga, tingnan nyo si konsihal Simplicio Dominguez nakakapagshare pa sa community, kapag wala kayong gulay at nakita nyo sa inyo na ang gulay. Sir Allan makikisuyo lang po sa tanong ko po kasi sa land na ito, baka may input ka, yung sa baybaying dagat, ano ang puwede nating gawin para makapag contribute for food security in our city?"

**Mr. Allan Chua:** "Mr. Councilor. Mr. Chairman. Part po ng Agriculture is dalawang mukha, isa sa agricultural na lupa at isa po sa dagat, sa dagat part po natin baka po natin isama yan kasi po marami pong mga in-active na fishpond, sa mabolo, daang bukid, campo santo, baka pwede pong maisama since ang BFAR (Bereau of Fisheries and Aquatic Resources) naman po ay namimigay po ng fingerlings kasama po para maging active po ang kanilang mga palaisdaan."

**Coun. Reynaldo Palabrica:** "Yun mismo ang sinasabi ko. Meron puwede pang isama ito, pero kung paano i-produce yun, hindi namin alam, thank you very much for your input, we are also requesting to include such method na maisama din sa ordinansa."

**Mr. Allan Chua:** "Yes po."

**Coun. Reynaldo Palabrica**: "Ganito kaya, gawin natin kasi kanya-kanyang kasanayan din, mamaya mga tiga baybaying dagat, mahirapan silang magpatubo wala silang lupa don, maalat, may tanim nga wala namang bunga nalalagas pa ang dahon defeated pa din ang purpose objective ng ordinansa, baka puwede alternative don sa mga areas na yun. May mga containers dyan, lalagyan ng mga fingerlings para kapag lumaki na yan puwedeng pagkain na rin yun. Remember, walang nakakaalam kung anong mangyayari sa kinabukasan lalo na napakaraming threat sa buhay ng tao ngayon, yung gyera na lang hindi natin alam kung aabot sa Pilipinas yan. Hindi natin alam, ang disaster hindi natin alam kung kailan tatama. So, we should secure food for ourselves. Huwag tayong maging independent sa market, dapat mismo sa ating community meron tayo kahit papano source of food. Halimbawa kalahating drum laglagan mo ng fingelings, tilapia mabubuhay naman ano? With your aid, technical expertise and assistance pwede magproduce ng pagkain out of water kung hindi pwede ang gulay sa baybaying dagat. Kung ganon ang sitwasyon kasi isasama natin sa Ordinansa, alternative measure na hindi pwede ang pagtatanim ay pwede na magbackyard fish farming, kung yun ang alternative, kasi sabi natin kapag nagtanim tayo free seedlings, provided by your office for free, how about the fingerlings can you provide it for free?

**Mr. Allan Chua**: "Ang proseso po kasi nagrerequest po kami to BFAR and then sila po yung magproprovide at mabilis naman po nilang aksyunan ang request like now po nagrequest po kami ng 10,000 na hito at 10,000 na egg cell tilapia."

**Coun. Reynaldo Palabrica**: "Sa 10,000 na hito at 10,000 na tilapia, how much it will cost? Estimate lang."

**Mr. Allan Chua**: "Siguro po almost nasa ₱30,000.00"

**Coun. Reynaldo Palabrica**: "₱30,000.00?(30 thousand pesos ) Budgetan natin yan,then next year ₱500,000.00 (five hundred thousand) ang 100 isang daang tilapia, 100 daang hito, isama mo sa annual budget mo. Para masiguro natin kasi yung 10,000(ten thousand) mo na fingerlings baka ang mabuhay lang don ay 1,000 baka 10% lang don ang mabuhay.For us to be assure na maraming mabuhay,lakihan na natin total kung ₱500,000.00 tapos ang number proponent together with Honorable Simplicio Dominguez with our very own Vice Mayor kayang kaya nyang palagyan ng pondo yan, ordinansa ko ito, kahit 3,000,000.00 milyon ilagay ko dyan para dyan, pwede nyang gawin yun kaya hinihingi ko lang sa inyo ang estimate for us to have information how much budget required para maging successful din yung sa part of agriculture activity na ito yung sa backyard fish farming."

**Kap Jun Enriquez**: "Mr. Chairman. Question lang, Itong ordinansa pong ito with regards to our food security, how about the backyard hog raising and poultry, paano po natin matutulungan, mabibigyan din ng permiso para makapagpatuloy sila ng kanilang mga pag aalaga?"

**Coun. Reynaldo Palabrica**: "Very nice question. Alam nyo hindi porke may Ordinansa tayong ganito ay pwede nating sagasaan ang mga existing policies and existing laws,pagdating sa poultry raising hindi tatama sa comprehensive land use plan, ang buong Bacoor wala ng area para sa hob raising wala ng area for poultry kaya hindi talaga pupwede kahit backyard meron tayong existing situation at the moment yung birds flu, so minomonitor natin yan kasi may mga cases yan, kaya at this time hindi natin kayang ilagay dito kahit gustuhin man natin it will contradict into existing national law at provincial ordinances and our very own local ordinance kaya for the meantime wala muna tayo don kaya may alternative tayo na gulay at isda aside from that, ang baboy nakakahighblood yan, mag gulay at mag isda na lang."

**Kap Jun Enriquez**: "Papaano yung mga existing na, meron tayo siguardo?"

**Coun. Reynaldo Palabrica**: "Bawal na yun, kung meron man, puwede hulihin ng agriculture yun, bawal na talaga yun, meron babay task force kauna-unahang ordinansa ni konsihal yun, so pinagbabawal ang backyard hog raising and poultry raising.

**Coun. Simplicio Dominguez**: "Baka may tanong pa?"

**Coun. Rogelio "Bok" Nolasco**: Mr. Chairman, no opinion or suggestion to be discussed, I moved to adjourn this public hearing."

**Coun. Reynaldo Palabrica**: "I second the motion."

There being no other matters of concerned or for discussion, the Public Hearing was adjourned at exactly 1:58 pm.

Prepared By:

**JOCELYN R. BAUTISTA**
Clerk

Attested By:

**SIMPLICIO G. DOMINGUEZ**
*Committee Chairman on Agriculture & Food*

PCO 2023-120 – ORDINANSANG NAG-INSTITUTIONALIZE SA PAGBUBUO NG MGA COMMUNITY GARDENS SA LAHAT NG BARANGAY AT RESIDENTIAL SUBDIVISION SA LUNGSOD NG BACOOR, CAVITE, NAGBIBIGAY KAPANGYARIHAN SA MGA NGOs, CSOs AT BARANGAY NA MAGPATUPAD NG MGA PATAKARAN PARA SA PANGANGALAGA, PAGGAMIT AT PAG-AANI SA MGA NABANGGIT NA HARDIN, NAGPAPATAW NG KAPARUSAHAN LABAN SA SINUMANG LALABAG SA ORDINANSANG ITO AT SA MGA NABANGGIT NA PATAKARAN, NAGTATATAG SA "BEST COMMUNITY GARDEN AWARDS OF THE CITY OF BACOOR", AT NAGBIBIGAY PONDO PARA SA NABANGGIT NA MGA PROGRAMA.

Proposed City Ordinance No. ___
Series of 2023

ORDINANSANG NAG-INSTITUTIONALIZE SA PAGBUBUO NG MGA COMMUNITY GARDENS SA LAHAT NG BARANGAY AT RESIDENTIAL SUBDIVISIONS SA LUNGSOD NG BACOOR, CAVITE, NAGBIBIGAY KAPANGYARIHAN SA MGA NGOs, CSOs, AT BARANGAY NA MAGPATUPAD NG MGA PATAKARAN PARA SA PANGANGALAGA, PAGGAMIT, AT PAG-AANI SA MGA NABANGGIT NA HARDIN, NAGPAPATAW NG MGA KAPARUSAHAN LABAN SA SINUMANG LALABAG SA ORDINANSANG ITO AT SA MGA NABANGGIT NA PATAKARAN, NAGTATATAG SA "BEST COMMUNITY GARDEN AWARDS OF THE CITY OF BACOOR", AT NAGBIBIGAY NG PONDO PARA SA NABANGGIT NA MGA PROGRAMA.

Akda ni:

Hon. Rowena Bautista-Mendiola
(Pangalawang Punong Lungsod, Lungsod ng Bacoor, Cavite)

Sponsored ni:

Hon. Simplicio Dominguez

**SAPAGKAT**, ang paniniguro na ang bawat mamamayan ay may sapat na makakain sa araw-araw ay isa sa pinakamahalagang tungkulin ng pamahalaan na nakasaad sa Saligang Batas at sa Section 17 ng Republic Act No. 7160 (ang "Local Government Code of 1991).

**SAPAGKAT**, ang mga kaguluhan sa ibang bansa gaya ng digmaan sa Ukraine, ang COVID-19 pandemic, mga mas malalakas o di-napapanahon na mga bagyo na sanhi ng climate change, ang kawalan ng sapat na lupang masasaka pati na ng sapat na irigasyon, at iba pang kadahilanan ay nagpapataas sa presyo ng mga gulay at nakakaapekto sa kalusugan ng bawat Bacooreño.

**SAPAGKAT**, inilabas ng Department of Interior and Local Government (DILG) noong 3 January 2023 ang Memorandum Circular No. 2023-001 na nag-uutos sa mga lokal na pamahalaan na magpatupad ng Halina't Magtanim ng Prutas at Gulay (HAPAG) sa Barangay Project na naglalayon na palakasin ang kapasidad ng mga barangay na magpatupad ng mga inisyatibo na pang-agrikultura na makakatulong na mabawasan ang food insecurity sa bansa na dulot ng mga kadahilanang nabanggit.

**SAPAGKAT**, kinikilala ng Pamahalaang Lungsod ng Lungsod ng Bacoor na ang suliranin ng food insecurity ay kayang solusyunan ng nagkakaisang sambayanan.

**DAHIL DITO**, ipinag-uutos ng Ika-Umang Sangguniang Panlungsod ng Lungsod ng Bacoor, Cavite ang mga sumusunod:

**Section 1. Title.** Ang ordinansang ito ay kikilanin na: "The Community Garden Ordinance of the City of Bacoor".

**Section 2. Coverage.** Ang ordinansang ito ay ipapatupad sa lahat ng barangay at residential subdivisions sa Lungsod ng Bacoor, Cavite.

BACK

**Section 3. Definition of Terms.** Ang mga salita at saknong na matatagpuan sa Ordinansang ito ay may mga sumusunod na pakahulugan:

1. **Food Insecurity** — ay ang kakulangan ng pantay-pantay na oportunidad na makakuha ng sapat na pagkain para sa bawat miyembro ng isang pamilya upang sila ay magkaroon ng aktibo at malusog na buhay.

2. **Community Garden** – Isang hardin na may iba't ibang sukat at disenyo kung saan itatanim ng mga miyembro ng isang pamayanan ang iba't-ibang uri ng masustansyang gulay at prutas sa tulong ng pamahalaan para sa kapakinabangan ng bawat miyembro ng nabanggit na pamayanan.

3. **Residential Subdivisions** – mga nababakuran na pamayanan na may mga gate na lagusan ng mga tao at sasakyan na ginawa ng mga private land developers para tirahan ng mga taong bumili ng mga lupa at tahanan na matatagpuan sa loob nito.

4. **Open Spaces** – mga bakanteng lote na matatagpuan sa loob at labas ng mga residential subdivisions.

5. **Idle Lands** – mga lupang hindi pag-aari ng pamahalaan na nakatiwangwang na matatagpuan sa loob ng Lungsod ng Bacoor.

6. **Homeowners Association** – Isang samahan ng mga residents ng isang residential subdivision na kinikilala ng Pamahalaang Lungsod at sumusunod sa mga patakaran na nakasaad sa mga umiiral na batas ng Pilipinas.

7. **Non-Government Organizations (NGOs)** — mga samahan na hindi bahagi ng pamahalaan na binuo upang makamit ang isang hangarin na makakabuti sa lipunan.

8. **Civil Society Organizations (CSOs)** – mga samahan na maaaring kabilangan ng mga NGOs o volunteers na hindi konektado sa pamahalaan at hindi binuo upang kumita ng pera upang makamit ang isang hangarin na makakabuti sa lipunan.

**Section 4. Institutionalization of Community Gardens.** Kinikilala at pinag-uutos sa pamamagitan ng Ordinansang ito ang pagbubuo, paggawa, pangangalaga ng community gardens sa loob ng mga residential subdivisions, sa mga barangay, at sa mga idle lands na matatagpuan sa Lungsod ng Bacoor, Cavite.

**Section 5. Support for, and Adoption of, the Halina't Magtanim ng Prutas at Gulay (HAPAG) sa Barangay Project.** Sa pamamagitan ng Ordinansang ito, pormal na sinusuportahan at ina-adopt ng Pamahalaang Lungsod ng Lungsod ng Bacoor, Cavite ang HAPAG sa Barangay Project upang maibsan ang food insecurity sa bansa. Dahil dito, ang lahat ng mga kawani ng Pamahalaang Lungsod at ng bawat barangay ng Lungsod ng Bacoor ay inuutusan na ipatupad ang Ordinansang ito, ang mga patakaran na may kaugnayan sa HAPAG sa Barangay Project, at ang mga patakarang ipapatupad ng mga barangay, pamayanan, NGOs, at CSOs na gagawa ng mga community gardens.

**Section 6. Duty of City Agriculture Office, City Environment and Natural Resources Office, and Barangay Officials to Implement this Ordinance.** Ang City Agriculture Office ang pangunahing departamento ng Pamahalaang Lungsod na magpapatupad ng pagtatatag at pangangalaga ng mga community gardens sa lahat ng residential subdivision, idle lands at barangay na matatagpuan sa Lungsod ng Bacoor alinsunod sa mga patakaran ng Ordinansang ito. Kabilang sa mga tungkulin ng CAO ay ang pamimigay ng libreng binhi, kagamitan, at pagsasanay sa mga taong gagawa at mangangalaga sa mga community gardens na nabanggit pati na rin ang pagsu-supervise sa kung paano inaalagaan, inaani, binebenta o pinamimigay ang mga gulay at prutas na magmumula sa mga community gardens.

Ang City Environment and Natural Resources Office naman ang siguro na ang mga punong nakatanim na sa mga paglalagyan ng mga community gardens ay hindi puputulin para lamang masimulan ang nabanggit na mga hardin. Tungkulin din ng CENRO na siguruhin ang kalinisan sa mga nabanggit na hardin at ang pagsunod ng mga namamahala dito sa mga batas at ordinansa na naglalayon na protektahan ang kalikasan gaya ng pagbabawal sa pagsunog ng basura at mga tuyong dahon o sanga, paggamit ng mga pataba o pestisidyo na nakakasama sa kalusugan ng tao at ng kapaligiran, at iba pang patakaran at alituntunin ng pamahalaan.

Ang mga opisyal ng bawat barangay ng Lungsod ng Bacoor ay may tungkulin na siguruhin na ang Ordinansang ito ay palagiang pinapatupad ng tama at ang mga taong lumalabag sa mga probisyon nito, ng mga patakaran na nagpapatupad sa Ordinansang ito, at sa mga patakaran na may kaugnayan sa pangangalaga, paggamit, at pag-aari sa nabanggit na mga hardin ay napaparusahan sa paraan na naaayon sa batas.

**Section 7. Mandatory Establishment of Community Gardens.** Sa loob ng anim na magkakasunod na buwan mula sa date of effectivity ng Ordinance na ito, ang lahat ng residential subdivisions at barangay sa Lungsod ng Bacoor ay kailangan magkaroon ng isa o higit pa na Community Garden na gagawin, pangangalagaan at gagamitin alinsunod sa mga probisyon ng Ordinance na ito. Ang hindi pagsunod ng mga opisyal ng Barangay at ng mga HOA ng mga nabanggit na residential subdivisions sa kautusan na ito ay maaaring ituring na paglabag sa Ordinance na ito at maaaring maging sanhi sa pagpapataw ng nararapat na kaparusahan laban sa kanila.

**Section 8. Participation of NGOs and CSOs in the Establishment, Maintenance, and Operation of Community Gardens.** Matapos makamit ang nasusulat na kapahintulutan ng Punong Lungsod at ng angkop na Punong Barangay, ang mga NGO at CSO na accredited ng Pamahalaang Lungsod na hindi lumalabag sa anumang batas o ordinansa ng Lungsod ay maaaring makibahagi o manguna sa paggawa, pangangalaga, o paggamit ng isang Community Garden alinsunod sa magiging Implementing Rules and Regulations ng Ordinance na ito.

**Section 9. Use of Idle Lands for the Establishment of Community Gardens.** Matapos makamit ang nasusulat na kapahintulutan ng rehistradong may-ari ng isang idle land sa pamamagitan ng isang kontrata o kasunduan, maaaring gamitin ng City Agriculture Office ang nabanggit na parsela ng lupa sa pagtatatag ng isa o higit pang Community Garden. Ang pagtatatag, pangangalaga, at paggamit sa nabanggit na garden/s ay gagawin alinsunod sa mga probisyon ng nabanggit na kontrata o kasunduan.

**Section 10. Discount in Climate Change and Other Environmental Fees in Favor of Idle Land Owner.** Bilang pasasalamat sa pagpapahintulot niya na gamitin ang kanyang lupa, ang rehistradong may-ari ng isang idle land na gagamitin para sa pagtatatag ng isang Community Garden ay bibigyan ng 10% discount sa pagbabayad ng Climate Change Fee at iba pang environmental fees na nakapaloob sa

BACK

Revenue Code ng Lungsod ng Bacoor sa bawat taon na nagagamit ang nabanggit na lupa na lokasyon ng Community Garden. Ganunpaman, ang nabanggit na discount ay makakamit lamang kung ang Community Garden na itatatag sa nabanggit na parsela ng lupa ay may sukat na hindi bababa sa kalahating porsyento ng kabuuang sukat ng nabanggit na idle land, kung palaging papayagan ang mga kawani at opisyal ng Pamahalaang Lungsod na pasukin, pangalagaan, at anihin ang mga pananim na gulay at prutas sa Community Garden at kung patuloy na babayaran ng may-ari ng nabanggit na idle land ang mga buwis at iba pang fees na kailangan niyang bayaran ayon sa mga umiiral na batas.

**Section 11. Preventing Informal Settlers from Entering Idle Land.** Maliban sa nabanggit na discount, sisigurubin din ng Pamahalaang Lungsod na hindi papasukin o gagamitin ng mga informal settlers ang mga idle land na gagamitin na lokasyon ng Community Garden.

**Section 12. Establishment of the "Best Community Garden Awards of the City of Bacoor".** Isang patimpalak na kikilalanin bilang Best Community Garden Awards of the City of Bacoor ay pormal na itinatatag sa Ordinance na ito. Ang nabanggit na patimpalak ay gaganapin bawat taon kung saan kikilalanin ang mga barangay, NGOs, at CSOs na may pinakamaganda, pinakamaayos, pinakamasagana ang ani at pinakamahusay na paraan ng pamamahala at pangangalaga na Community Gardens. Ang Pamahalaang Lungsod ay magbibigay ng salapi o mga kagamitan na maaari lamang gamitin ng awardees para sa lalong ikakaayos ng Community Garden na nagwagi. Ang pondo na gagamitin sa patimpalak ay magmumula sa pondo ng City Agriculture Office o kaya ay sa pondo ng Punong Lungsod.

**Section 13. Penalties.** Ang mga sumusunod na kaparusahan ay ipapataw sa sinuman na may edad na 18 years old pataas na lalabag sa mga probisyon ng Ordinance na ito, ng mga probisyon ng IRR ng Ordinance na ito, at sa mga patakaran na babalangkasin ng mga Barangay, NGO at CSO na gagawa at mangangalaga ng mga Community Garden na nabanggit:

**Unang Paglabag:** Pagbabayad ng multa na P3,000.00 at paggawad ng Community Service na hindi hihigit sa tatlumpung (30) magkakasunod na araw at hindi bababa sa sampung magkakasunod na araw.

Ikalawang Paglabag: Pagbabayad ng multa na P4,000.00 at paggawad ng Community Service na hindi hihigit sa siyamnapung (90) magkakasunod na araw at hindi bababa sa tatlumpung (30) magkakasunod na araw.

Ikatlong Paglabag: Pagbabayad ng multa na P5,000.00 at paggawad ng Community Service na hindi hihigit sa isang daan at walumpung (180) magkakasunod na araw at hindi bababa sa siyamnapung (90) magkakasunod na araw.

**Section 14. Implementing Rules and Regulations.** Ang City Legal Services Office, sa pakikipagtulungan ng City Agriculture Office at CENRO, ay inaatasan na balangkasin ang IRR ng Ordinance na ito at isumite para sa approval ng Punong Lungsod sa loob ng animnapung (60) magkakasunod na araw matapos ang date of effectivity nito.

**Section 15. Permission of Barangays to Formulate Rules in the Development, Use, Maintenance, and Harvesting of Community Gardens.** Ang mga Sangguniang Barangay na nasasakláwan ng Ordinance na ito ay pinahihintulutan na bumalangkas ng mga patakaran NA HINDI LUMALABAG SA ORDINANCE NA ITO na may kaugnayan sa paggawa, paggamit, pangangalaga, at pag-

BACK

aani sa mga Community Garden na kanilang nasasakupan. Ang mga nabanggit na patakaran ay kailangan na aprubahan muna ng Sangguniang Panlungsod bago ito maipatupad.

**Section 16. Repeal Clause.** Ang lahat ng mga umiiral na Ordinance, Resolution o kautusan na hindi akma o kaya ay lumalabag sa Ordinance na ito ay kagyat na mawawalang bisa sa effectivity date ng ordinance na ito.

**Section 17. Effectivity Date.** Ang Ordinance na ito ay kagyat na magkakabisa matapos na ito ay mailimbag sa isang pahayagan na may pangkalahatang sirkulasyon sa Lungsod ng Bacoor, Cavite.

**Section 18. Separability Clause.** Kung sakaling ang anumang bahagi ng Ordinance na ito ay pawalang bisa ng isang hukuman, ang mga natitirang probisyon ng Ordinance na ito na hindi apektado ng nabanggit na pagpapawalang bisa ay mananatiling epektibo.

**INAPRUBAHAN** ngayong ika-___ ng ________ taong 2023 sa Lungsod ng Bacoor, Lalawigan ng Cavite.

*Sinesertipikahan ko na ang Ordinance na ito ay ipinasa ng naaayon sa batas.*

*Certified by:*

**HON. ROWENA BAUTISTA-MENDIOLA**
*City Vice Mayor/Presiding Officer*

*Attested by:*

**ATTY. KHALID A. ATEGA JR.**
*Sangguniang Panlungsod Secretary*

*Approved by:*

**HON. STRIKE B. REVILLA**
*City Mayor*
Date of Approval:__________

BACK

Republic of the Philippines
Province of Cavite
City of Bacoor

# 5th SANGGUNIANG PANLUNGSOD

## Joint Committee on Agriculture & Food
## And
## Committee On Rules, Privileges, Laws & Ordinances

## NOTICE OF PUBLIC HEARING
**(PROOF OF RECEIPT)**
(November 8, 2023, 2023 at 1:00 pm)
(Session Hall)

---

***Subject:** PCO 2023-120 - Ordinansang nag-iinstitutionalize sa pagbubuo ng mga Community Gardens sa Lahat ng Barangay at Residential Subdivision sa Lungsod ng Bacoor, Cavite, nagbibigay kapangyarihan sa mga NGO's, CSO's at Barangay na magpatupad ng mga patakaran para sa pangangalaga, paggamit at pag-aani sa mga nabaggit na hardin, nagpapataw ng kaparusahan laban sa sinumang lalabag sa ordinansang ito at sa mga nabaggit na patakaran, nagtatatag sa "Best Community Garden Awards of the City of Bacoor", at nagbibigay pondo para sa nabanggit na mga programa. Referred. PCR 2023-120 dated 02 October 2023.*

---

| NAME | BUSINESS/OFFICE AFFILIATION | CONTACT NUMBER | SIGNATURE/DATE |
|---|---|---|---|
| Coun. Reynaldo Palabrica | SP | 5408 | [signature] 10/25/23 |
| Coun. Michael Solis | SP | 5421 | [signature] 10/24/23 |
| Coun. Adriel Gawaran | SP | 5422 | [signature] 10/23/23 |
| Coun. Levy Tela | SP | 5418 | Nenith 10-25-23 |
| Coun. Rogelio Nolasco | SP | 5410 | [signature] 10-23-23 |
| Coun. Alejandro Gutierrez | SP | 5419 | [signature] 10-25-23 |
| Coun. Joselito Aide Pagulayan | SP | 5411 | [signature] Aquino 10-23-23 |
| ABC Pres. Ramon Bautista | LNB | | [signature] 10-23-23 |
| Atty. Kim R. Lofranco | City legal Office | 415 | [signature] 10-23-23 |
| Mr. Rolando Vocalan | CENRO | 09338587474 | Melchor Dulado 10-23-23 4:21 |
| Mr. Allan Chua | OIC-Agriculture | 481 - 4131 | Francisco Amor 10/23/23 |
| Engr. Arthur S. San Jose | Zoning | | Joyce 10/23/23 |
| Engr. Allan Quinatacdan | Assessor | 481-4111 | Raquel Padilla 10-23-23 |
| Ms. Annie Nacianceno | HHRD (HODRD) | 09177655469 | Gloria Diaz [signature] 10.23.23 |
| Reginaldo S. Revilla | DILG | 09171505588 | [signature] 10/23/23 |
| Ms. Guia Oller | BHOACI | 09173651172 | Ron Digo [signature] 10/23/23 |
| Juan Erasquin | CDC | 09615559394 | |
| Nico Anthony MICO | HDC | 09173265651 | |
| Elmer H Saladas | Masaito Dev. Corp | 09452640064 | |
| Dolores De Leon | Breezewoods Dev. Corp | 09264769853 | |

Republic of the Philippines
Province of Cavite
City of Bacoor

# 5th SANGGUNIANG PANLUNGSOD

| NAME | BUSINESS/OFFICE AFFILIATION | CONTACT NUMBER | SIGNATURE/DATE |
|---|---|---|---|
| Coun. Catherine Evaristo | SP | 5423 | 10/25/23 |
| Coun. Roberto Advincula | SP | 5407 | 10/25/23 |
| Coun. Reynaldo Fabian | SP | 5409 | 10/25/23 |
| Mr. Constantino Perzpaus | | | |
| Ms. Rose Sotaridona | | | |
| Ms. Annie Nacianceno | | | |
| Coun. Mac Raven Espiritu | SP | 5417 | 10/25/23 |
| Atty. Aimee Torrefranca-Neri | City Administrator's Office | 405 | 10/25/23 |
| Ms. Nenita M. Reyes | | | |
| Christopher C. [illegible] | GSV 4 | 09395928445 | 10/26/23 |
| Eduardo F. Gorospe | NGG Builders Corp. | 09057262860 | 10/26/23 |
| Marwin | SE | 09059963419 | 11/6/23 |
| Arturo Dominguez | Greenridge Ville | 0922-357 5991 | 11-06-23 |
| Cleofe A. Moral | Bro Guardians | 09989278453 | 11/6/23 |
| Maralisa Gayam | Grande Park | | 11-06-23 |
| for Mercy L. Naranda | OSCA | 09973564908 | 11-3-23 |
| Melanie Avergonzado | Citta Italia | 09054759246 | for 11-3-23 |
| Marisa Nolasco | Mambog Vill. 1 | 0929-864-0945 | for 11-3-23 |
| Kap. Narcing de Guzman | Mambog 1 | 0929-864-0945 | for 11-3-23 |

Republic of the Philippines
Province of Cavite
City of Bacoor

# 5th SANGGUNIANG PANLUNGSOD

## Joint Committee on Agriculture & Food
## And
## Committee on Rules, Privileges, Laws and Ordinances

## ATTENDANCE OF PUBLIC HEARING

(November 8, 2023, Wednesday at 1:00 p.m.)
(Session Hall)

---

***Subject:** Ordinansang nag-iinstitutionalize sa pagbubuo ng mga Community gardens sa lahat ng Barangay at Residential Subdivision sa Lungsod ng Bacoor, Cavite, nagbibigay ng kapangyarihan sa mga NGOs, CSOs at Barangay na magpatupad ng mga patakaran para sa pangangalaga, paggamit at pag-aani sa mga nabanggit na hardin, nagpapataw ng kaparusahan laban sa sinumang lalabag sa ordinansang ito at sa mga nabaggit na patakaran, nagtatatag sa "Best Community Garden Awards of the City of Bacoor", at nagbibigay pondo para sa nabanggit na mga programa. Referred. PCO-2023-120 dated October 2, 2023*

---

| NAME | BUSINESS/OFFICE AFFILIATION | CONTACT NUMBER | SIGNATURE/DATE |
|---|---|---|---|
| Coun. Simplicio Dominguez | SP | 5415 | [signature] |
| Coun. Reynaldo Palabrica | SP | 5408 | [signature] |
| Coun. Michael Solis | SP | 5421 | [signature] |
| Coun. Adrielito Gawaran | SP | 5422 | [signature] |
| Coun. Levy Tela | SP | 5418 | [signature] |
| Coun. Rogelio Nolasco | SP | 5410 | [signature] |
| Coun. Alejandro Gutierrez | SP | 5419 | [signature] |
| ABC Pres. Kap Ramon Bautista | Liga ng Barangay | | |
| Atty. Kim R. Lofranco | Legal Office | | |
| Mr. Allan Chua | Agriculture | | [signature] |
| Mr. Rolando Vocalan | CENRO | 09338587474 | |
| Ms. Guia Oller | BHOACI | | |
| Engr. Arthur S. San Jose | Zoning | | |
| Engr. Allan Quinatadcan | Assessor | (046)481-4111 | |
| Reginaldo S. Revilla | DILG | 09171505588 | |
| Annie V. Nacianceno | HHRD | 0916765-5469 | [signature] |
| [illegible] A. [illegible] | [illegible] | 0915-2065[illegible] | [signature] 11/8/23 |
| [illegible] | Ligas 2 | 09094303409 | [signature] |
| [illegible] | [illegible] SC | 0915896[illegible] | [signature] |
| [illegible] A. [illegible] | NGO - BROGUARDIANS CSO | 0[illegible] | [signature] |
| | | | |

---

Republic of the Philippines
Province of Cavite
City of Bacoor

## 5th SANGGUNIANG PANLUNGSOD

| NAME | BUSINESS/OFFICE AFFILIATION | CONTACT NUMBER | SIGNATURE/DATE |
|---|---|---|---|
| MARIO M. REIS | HOA De CASTRO | 09611628481 | |
| Constantino J. Castillo | HOA De Castro | 09275404812 | |
| Caridad J. Sanchez | P/B-Brgy. Sinbanal | 09262608455 | |
| Arturo M. Dominguez | HOA Molino 4 | 09223575991 | |
| ANICETO CALURACAN | BARANGAY MOLINO | 09267994459 | |
| melanna N. Taburnijo | NGO SFI | 09983264616 | |
| [illegible] | NGO SFI | 0905 [illegible] | |
| CRESENCIO ALGRO | BRGY ANIBAN 5 | 0907 428 7864 | |
| ABIGAIL FERNANDEZ | ANIBAN 5 | 0152 7463903 | |
| MARY ANN JOCAM | BRGY. CLUNE [illegible] | 0912 3064529 | |
| MARISSA B. NOLASCO | HOA PRESIDENT | 09190080301 | |
| Ray Palabrica | SP | | |
| VENY TELA | SP | | |
| Rogelio M. Nolasco | SP | | |
| Ramon BAUTISTA | SP | | |
| Debbie Rabanes | Agriculture | | |
| Allan G. Oria | AGRI | 0935124761 | |
| ABIGAIL S. PENAMA | AGRICULTURE | | |
| Rogelio Pilar | | 09153610080 | |
| Shirley Calicdan | BHOACI | 09915423728 | |
| Mary [illegible] | BHOACI | 09474249335 | |
| PASTOR B. SAGELES | P/B | 09425888940 | |
| Corlanda de los Reyes | Ligas I | 09495965243 | |
| Mauricio M. ABAD | Ligas I | 0907 [illegible] | |
| RUFINO R. MARIANO JR. | MABOLO 1 | 09351979383 | |
| RAYMAN F. MARIANO | MABOLO 1 | 09957729831 | |
| MARIUS D. SUMIRA | OCLS | | |
| Marilou Cayanan | BHOACI | 09935029683 | |
| Marivic Onordo | Addas | | |
| Julius Atto | Addas | | |
| Ardon Ugali | Addas | | |
| EVA S. AREVALO | ZAPOTE 1 | 09084339680 | |
| GRACE D. SILVESTRE | ZAPOTE 1 | 09051901207 | |
| WILLIE PINGUEL | ZAPOTE | 09989941102 | |
| MICHAEL V. SACULTO | MOLINO 4 | 0947 590 1771 | |
| GENESIS VENTURA | MOLINO II | 0947 538 2208 | |
| Hon. ROBERTO ADVINCULA | CP | | |
| [illegible] | | | |
| Maribel Angelicas | NIOG II | 09999481 [illegible] | |
| PB. ROGER MIRANDA | TALABA V | | |
| [illegible] | NIOG 1 | | |

Republic of the Philippines
Province of Cavite
City of Bacoor

## 5th SANGGUNIANG PANLUNGSOD

| NAME | BUSINESS/OFFICE AFFILIATION | CONTACT NUMBER | SIGNATURE |
|---|---|---|---|
| Danny Yauna | | | |
| FIDEL DONES | HUDRD | 09615703464 | |
| Coun. Adriel Gawaran | | | |

Republic of the Philippines
Province of Cavite
City of Bacoor

BY: W. MENDOZA
DATE: 11-14-2023
TIME: 2:25 PM
BACOOR, CAVITE

# 5th SANGGUNIANG PANLUNGSOD

**Joint Committee on Agriculture & Food**


**And**

**Committee on Rules, Privileges, Laws & Ordinances**

**Public Hearing**

**(08 November 2023 at 1:00 pm)**
**(Session Hall)**





Republic of the Philippines
Province of Cavite
City of Bacoor

# 5th SANGGUNIANG PANLUNGSOD







Republic of the Philippines
Province of Cavite
City of Bacoor


**OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**Joint Committee on Agriculture & Food**
**And**
**Committee on Rules, Privileges, Laws and Ordinances**

## PUBLIC HEARING

(November 8, 2023, Wednesday at 1:00 p.m.)
(Session Hall)

Public Hearing Posted in Zapote Palengke, Bacoor, Cavite – November 3, 2023



Republic of the Philippines
Province of Cavite
City of Bacoor

**OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

## Joint Committee on Agriculture & Food
## And
## Committee on Rules, Privileges, Laws and Ordinances

## PUBLIC HEARING
(November 8, 2023, Wednesday at 1:00 p.m.)
(Session Hall)

Public Hearing Posted in Zapote Palengke, Bacoor, Cavite – November 3, 2023




Republic of the Philippines
Province of Cavite
City of Bacoor

**OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**Joint Committee on Agriculture & Food**
**And**
**Committee on Rules, Privileges, Laws and Ordinances**

**PUBLIC HEARING**
(November 8, 2023, Wednesday at 1:00 p.m.)
(Session Hall)

Public Hearing Posted in Jollibee Molino-November 3, 2023



Republic of the Philippines
Province of Cavite
City of Bacoor


**OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

## Joint Committee on Agriculture & Food
## And
## Committee on Rules, Privileges, Laws and Ordinances

## PUBLIC HEARING

(November 8, 2023, Wednesday at 1:00 p.m.)
(Session Hall)

Public Hearing Posted in Jollibee Molino-November 3, 2023



Republic of the Philippines
Province of Cavite
City of Bacoor

OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD

## Joint Committee on Agriculture & Food
## And
## Committee on Rules, Privileges, Laws and Ordinances

## PUBLIC HEARING

(November 8, 2023, Wednesday at 1:00 p.m.)
(Session Hall)

Public Hearing Posted in BGC-New City Hall – November 3, 2023



Republic of the Philippines

Province of Cavite
City of Bacoor


**OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

## Joint Committee on Agriculture & Food
## And
## Committee on Rules, Privileges, Laws and Ordinances

## PUBLIC HEARING

(November 8, 2023, Wednesday at 1:00 p.m.)
(Session Hall)

Public Hearing posted on Old City Hall-Stage November 3, 2023



Republic of the Philippines
Province of Cavite
City of Bacoor

OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD

## Joint Committee on Agriculture & Food
## And
## Committee on Rules, Privileges, Laws and Ordinances

## PUBLIC HEARING

(November 8, 2023, Wednesday at 1:00 p.m.)
(Session Hall)

Public Hearing Posted in BGC-New City Hall – November 3, 2023



Republic of the Philippines

Province of Cavite
City of Bacoor

OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD

**Joint Committee on Agriculture & Food**
**And**
**Committee on Rules, Privileges, Laws and Ordinances**

**PUBLIC HEARING**
(November 8, 2023, Wednesday at 1:00 p.m.)
(Session Hall)

Public Hearing posted in Talaba, Bacoor, Cavite-November 3, 2023



Republic of the Philippines
Province of Cavite
City of Bacoor

OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD

## Joint Committee on Agriculture & Food
## And
## Committee on Rules, Privileges, Laws and Ordinances

## PUBLIC HEARING

(November 8, 2023, Wednesday at 1:00 p.m.)
(Session Hall)

Public Hearing Posted in Talaba, Bacoor Cavite.

